

Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka
20

Mga sagot sa Pagkilala sa pang-angkop

Panuto: Ikahon ang lahat ng pang-angkop sa bawat pangungusap.

1. Ang Bukidnon ay bahagi ng Hilaga[ng] Mindanao.
2. Responsabilidad natin lahat ang itaguyod ang mga patakaran[g] makatarungan.
3. Dahil sa mainit [na] panahon, lumangoy sila sa dagat.
4. Ano ang bansa[ng] sinilangan ng panauhin natin?
5. Mabenta ang mga malamig [na] inumin tuwing tag-init.
6. Ipinaglalaban ng iba't-ibang sektor ng lipunan ang mga karapatan[g] pambata.
7. Ang masunurin[g] bata ay pinupuri ng mga kapamilya niya.
8. Si Fatima ay ang mag-aaral [na] masipag at magalang.
9. Ano ang pangunahin[g] dahilan ng paglakbay ni Ferdinand Magellan?
10. Kailangan ko ng epektibo[ng] gamot para sa sakit ng ulo.
11. Ang Pilipinas, Malaysia, at Thailand ay mga bansa sa Timog-Silangan[g] Asya.
12. Binigyan namin ng masarap [na] pagkain ang payat [na] aso.
13. Ang kopya ng mahalaga[ng] talumpati ng pangulo ay nasa loob ng puti[ng] sobre.
14. Si Manny Pacquiao ay isa sa mga pinakatanyag [na] manlalaro sa buo[ng] mundo.
15. Ang munti[ng] paruparo ay lumilipad sa ibabaw ng mga makukulay [na] bulaklak.
16. Ang Una[ng] Digmaan[g] Pandaigdig ay naganap mula 1914 hanggang 1918.
17. Ang mga mababangis [na] hayop ay nasa loob ng mga metal [na] kulangan.
18. Ang mga magigiting [na] bumbero ay tumungo sa pinanggalingan ng maitim [na] usok.
19. Si Jose Garcia Villa ay isa[ng] kilala[ng] makata, manunulat ng mga maikli[ng] kuwento, at pintor.
20. Dapat magtulungan ang mga mamamayan[g] Pilipino upang mabawasan ang mga suliranin[g] panlipunan.